

1

Sinabayan ni Alette ang tili ng babaeng artista sa pinapanood niyang horror movie. Maging ang facial expression nito ay hindi sinasadyang nagaya niya.

“Shit, Cassie, mamamatay ako sa nerbiyos sa ginagawa mo!” bulyaw niya sa matalik na kaibigan nang mapagtantong hindi bumukas mag-isa ang pinto ng condo unit nila, kundi binuksan nito.

Napahalakhak ang hitad at pagkatapos ay pinindot ang switch ng ilaw ng buong unit. “Gaga ka naman kasi. May de patay-patay ka pa ng ilaw, alam mo na ngang horror ang pinapanood mo. Ewan ko ba naman sa ’yo kung bakit ang hilig-hilig mong takutin ang sarili mo sa mga ganyang palabas,” sisi nito sa kanya. Tuluyan na itong pumasok sa loob.

She rolled her eyes. Binago niya ang puwesto ng pagkakaupo sa sofa para makaharap sa kaibigan na kasalukuyang tinatanggal ang sandals nito. Kung minsan ay naiisip niya kung nakakalakad pa ba nang maayos ang babae sa five inches na heels niyon. Kung siya ang pagsusuotin niyon, baka wala pang isang minuto ay napilayan na siya.

“Akala ko ba bukas ka pa ng umaga babalik?” tanong nito sa kanya.

Naka-mandatory leave si Alette nang limang araw kaya nagkaroon siya ng panahon na umuwi sa probinsya nila sa Nueva Ecija. Doon niya ginugol ang leave niya at kababalik niya lang kaninang hapon.

Ang pagkakaalam ng kaibigan ay bukas pa ng umaga ang balik niya. Kaya nagkagulatan nang buksan nito ang pinto na sinadya niyang i-lock dahil nag-mo-movie marathon siya. Kumibit siya ng balik.

“Nagbago isip ko, eh. Kakapagod magbiyahe ng madaling araw. Ikaw, ba’t ginabi ka?”

“Nag-meeting ang mga editors for the upcoming anniversary issue ng *Campus*.”

Napatango-tango siya. She and Cassie were both working for *Campus*, isang fashion and lifestyle magazine na ang target ay ang mga young adults. Fashion editor ito samantalang siya ay isa sa mga contributors. Mahigit isang taon pa lang siya sa kompanya samantalang si Cassie ay tatlong taon na roon. Kaya hindi na kataka-taka kung mas mataas ang puwesto nito kaysa sa kanya kahit mas matanda siya rito nang dalawang taon. Ito ang tumulong sa kanya para makapasok siya roon.

Bata pa lang ay magkaibigan na sila ng babae. Nagtatrabaho bilang family driver ang tatay niya sa pamilya nito. Sa isa sa mga maid's quarters ng mansion sila nakatira noon. At kahit pa mayaman ang pamilya ng mga ito, hindi iyon naging hadlang upang hindi sila maging matalik na magkaibigan. Sila palagi ang magkalaro noong mga bata pa sila, pinapahiram siya nito ng mga laruan at lagi silang magkakampi sa tuwing inaaway ito ng ibang mayayaman ding bata sa subdivision. At dahil mas matanda siya sa babae at mabait ito sa kanya, siya ang tumayong tagapagtanggol nito at ate na rin kung iisipin.

Sa pagdaan ng mga taon ay mas tumibay ang pagkakaibigan nila. Umabot pa sa puntong lumipat ng public school si Cassie para lang magkasama sila nang mag-grade three ito. Natural na ang pagiging matalino nito kaya na-accelerate ng dalawang taon at kahit pa five years old ay magkaklase na sila. At dahil nag-iisang anak ng mga Lopez at daddy's girl, bukod pa sa bata pa lang ito noong maulila sa ina, pumayag ang ama nitong si Don Manuel, sa kondisyong babantayan niya ang kaibigan.

Buong elementary ay nagkasama sila ng babae. Nagkahiwalay sila ng pinapasukan nang mag-high school sila. Hindi na pumayag si Don Manuel na sa public school pa rin ito mag-aaral. Dito na sa Manila

nag-college si Cassie, samantalang siya ay huminto muna pagkatapos maka-graduate ng high school. Napagkasunduan nilang pamilya na patapusin na muna ng college ang Kuya Landon niya bago siya mag-aral ulit. Pumayag siya dahil alam niyang hindi madali ang magpaaral ng college. Kahit pa nagboluntaryo si Don Manuel na pag-aralin siya, tumanggi sila. Marami na silang utang-na-loob sa pamilya Lopez at kalabisan na kung pati ang pagka-college niya ay sasagutin ng mga ito.

Nang magtapos ang kuya niya ng civil engineering at makapasa sa board exam ay nasuwerteng nakapasok agad ito ng trabaho. Dalawang taon na siya noong nagtatrabaho bilang crew sa isang fast food chain nang bumalik siya sa pag-aaral.

Sa ngayon, kahit maayos na ang buhay nila dahil sa Saudi Arabia na nagtatrabaho ang kapatid niya bilang engineer at siya ay sa isang sikat na women's magazine ng Pilipinas ay nanatiling family driver ang tatay niya para sa pamilya ng kaibigan. Bilang kabayaran na rin sa magandang pagtrato sa kanila at sa lahat ng tulong na ginawa ng pamilya nito sa pamilya nila. Isa pa, hindi na rin sila iba sa pamilya Lopez.

“So ano’ng pinag-meeting-an n’yo?” nakangiting

untag niya sa kaibigan.

“Mga babaguhin at idagdag sa mag. You’ll know it tomorrow.” Makahulugan ang ngiting ibinigay nito sa kanya.

“Bakit parang gusto kong kabahan diyan sa klase ng ngiti mo?”

Humalakhak si Cassie. “Eto naman, kung magsalita parang may gagawin akong masama.”

“Eh, bakit nga ganyan ka kung makangiti?” pangungulit niya. Nang huli niyang makita ang ngiting iyon ng babae ay nag-proxy siya sa isang date nito. Dahil may LBM daw ito na sa tingin ni Alette noon ay arte lang ng kaibigan. Huli na nang malaman niyang isang kilalang artista pala ang ka-date nito! Iyon pang hindi niya ma-take ang kayabangan. Buong gabi ay wala silang ibang ginawa kundi magkuwentuhan ng tungkol sa achievements kuno nito at muntik na siyang mag-nosebleed dahil panay ang English kahit purong Pinoy naman.

“Wala nga!” Nandilat pa ang mga mata ng kaibigan. “Eto naman, sobrang paranoid!” Pumasok ito sa kusina. Narinig niya ang pagbubukas ng refrigerator nila. “Ano’ng balita sa ’tin?” pasigaw na usisa nito.

“Wala naman masyado, mga kung anu-anong *chorva* pa rin. Busy ang daddy mo sa farm,” bahagya niya ring sigaw. Tuluyan niya nang pinatay ang TV at DVD player.

Nang lumabas ito ng kusina ay may dala na itong baso ng tubig sa isang kamay at sa kabila ay may hawak na invitation card. Nakakunot ang noo nito habang sinisipat iyon. “What’s this?”

“Invitation galing sa dating school natin. May Alumni Homecoming daw two weeks from now. Dumaan kasi ako sa mansyon n’yo, binigay ’yan sa ’kin ni Yaya Meding.” Idinikit niya iyon sa refrigerator kaya nakita agad ng babae.

“Meron ka din?” nakangiting tanong nito.

Tumango si Alette. “Doon pa nga naka-address sa inyo. Obviously, wala silang ideya na hindi na kami d’un nakatira.” Simula noong magtrabaho ang kuya niya sa ibang bansa ay umalis na sila sa mansion, bumili ng sariling lupa at nagpagawa ng bahay.

“Gusto mo, pumunta tayo?” Bumalik na naman ang kakaibang ngiti ng dalaga.

“Ikaw. Gusto mo ba?” balik niya.

“Oo naman. Pagkakataon na natin ’yun para

kumustahin ang mga dati nating classmates. Besides, this homecoming thing is what we need right now.”

“Dahil?” Naglalubong ang mga kilay ni Alette. Nagsisimula na talaga siyang kabahan. Hindi siya ang best friend ni Cassie kung hindi niya nababasa ang kakaibang ikinikilos nito ngayon. Sigurado siyang may ginagawa itong hindi niya gaanong magugustuhan.

“Relax. You’ll know tomorrow, best friend.” Kumindat ito.

“No way!” Dumagundong sa loob ng rest room ang boses ni Alette. Mabuti na lang at walang ibang tao roon. Pagkatapos ng meeting nila ay dumerecho agad siya roon.

“You can’t back out, ’Let. Umaasa sa ’yo ang lahat,” mahinahong ani Cassie na sumunod sa kanya roon.

“Paanong hindi mag-e-expect, sukat ba namang sabihin mo na close kami ni River.” Napahawak siya sa sariling buhok. “Cass naman, nilalagay mo ’ko sa alanganin, eh.”

Kaya pala kakaiba ang ngiti nito sa kanya kahapon. Her best friend volunteered her to do an

interview with the former Olympic swimmer, River Domingo. Iyon pala ang sinasabi nitong dagdag sa magazine. They would be launching a column entitled, *'His Voice'*. It will be a multi-page column under *'All About Him'* section, kung saan mag-feature sila every month ng isang sikat na lalaking celebrity na i-interview-hin nila. Kinumbinsi ni Cassie ang ibang editors na sa kanya na ipagkatiwala ang assignment na iyon. Pumayag naman ang mga ito.

Hindi siya agad naka-react kanina sa meeting. Hindi niya makuhang harapang tumanggi sa mga ito dahil alam niyang mapapahiya si Cassie kapag ginawa niya iyon. Kaya tumahimik na lang si Alette pero sa loob-loob ay sinabi niyang makakatikim talaga ang babae sa kanya.

Alam na alam nito na ay ayaw niyang nakikisalamuha sa mga celebrities. And River Domingo was not just some celebrity.

“Kelan ba kita nilagay sa isang sitwasyon na alam kong hindi mo kaya?” Pinandilatan siya nito.

“Wala. Ngayon pa lang,” dagli niyang sagot. “Basta I can’t do this,” tanggi niya.

“Ano ka ba! This will be your break! Alam mo bang marami ang naghahangad na sa kanila ’to

mapunta? "Tapos ikaw, aayawan mo lang?"

"Di ibigay mo sa kanila!" Para namang mamamatay siya kapag naibigay iyon sa iba.

"Kung puwede lang sana. Pero gaya nga ng sinabi namin kanina sa meeting, the editors and the management already tried to convince River to have an interview with us for the past months. Pero sadyang matigas ang lalaki."

"Oh, 'yun naman pala. Ayaw n'ung tao, bakit pinagpipilitan pa natin?"

"The readers are asking for it. Tinutupad lang natin ang hiling nila. They wanted to know kung nasaan na siya pagkatapos niyang matalo sa Olympics last year."

She rolled her eyes. "Malamang nagtatago." Hindi lingid sa kanya at sa lahat ang pagkatalo ng lalaki last year sa Olympics. Makukuha na sana nito sa ikatlong pagkakataon ang gold medal. Pero nabigo ito at kahit na bronze ay walang naiuwi.

"Kaya nga hinahanap siya ng mga tao. And that's where we come in. Tayo ang magpapalabas kay River Domingo!" Siguradong-sigurado ang kaibigan na magtatagumpay siya sa assignment niya. "Another thing is, sakto siya for our summer issue since he's a

swimmer kaya natural lang na siya ang kunin natin!”

“And what makes you think na papayag siya sa ’kin?” Nakataas ang isang kilay ni Alette.

“Dahil magkakilala kayo.” Ang tono nito ay hindi nagtatanong kundi nagpapaalala ng isang nakaraan.

“At para namang super friends kami noon at gan’un ka kasiguradong pagbibigyan niya tayo kapag ako ang humiling. Why didn’t you volunteer yourself? Kung sa ating dalawa lang naman, ikaw ang mas pagbibigyan niya kaysa sa ’kin.” They both knew what she was talking about.

“I’m a fashion editor, remember?” paalala ni Cassie.

“Basta! Hindi ko kaya ’yang pinapagawa n’yo sa ’kin.”

“So ipapahiya mo ko?” matter-of-fact na saad nito.

“Kung bakit naman kasi nagdesisyon ka agad nang hindi man lang sinasabi sa ’kin ang plano mo. Tingnan mo tuloy ang nangyari.”

“Ang gusto ko lang naman ay bigyan ka ng break. This is your chance. Mas gusto mo bang maging contributor na lang kung p’wede ka namang maging

associate feature editor?”

“Iyon pa nga, eh. Ayokong sabihin nila na na-promote lang ako dahil sa tulong mo.”

Isa pa iyon sa ikinababahala ni Alette. Kapalit kasi ng interview kay River Domingo ay ang malaking chance na ma-promote siya. Baka mamaya ay may manganak na tsismis kapag tuluyan niyang tinanggap ang trabahong iyon.

“Then, prove to them na hindi lang kita inirekomenda dahil kaibigan kita kundi dahil deserving ka naman talaga sa break na ’to.”

Natahimik si Alette. Napatitig na lang siya sa magagandang mata ng kaharap. May punto ang kaibigan at tempting ang offer na iyon. Pero kung gaano kaganda ang reward na makukuha niya ay ganoon din kahirap ang kanyang pagdadaan. At hindi niya alam kung kaya nga ba niya iyong harapin.

“It’s just River Domingo, Alette. Mga bata pa naman tayo n’un, di ba? It’s not a big deal.”

“Yeah. Hindi masyadong big deal na wala siyang ibang ginawa buong elementary years natin kundi tuksuhin ako na may gusto daw sa kanya. Ang kapal ng mukha!” Nalukot ang mukha niya at nag-astang nandidiri.

Tumawa ito. “Mga immature pa tayo n’un. Ano ba’ng ikinakatakot mo at umaayaw ka?”

Hindi niya rin alam kung saan nanggagaling iyon. Basta ang alam ni Alette, ayaw niyang magkrus ulit ang landas nila ng River Domingo na iyon. Tapos. Sa lalaki nag-ugat ang pagkainis niya sa mga mayayabang.

Nagsukatan sila ng tingin. Pagkatapos ay napabuga siya ng hangin. “Ipanalangin mong hindi na siya mayabang at alaskador ngayon. Dahil kapag nagkataon, mapapatay talaga kita, Cassie.”

Napatawa ang kaibigan.

2

Magdadalawang buwan na si Cassie sa public school na pinapasukan ni Alette, pero sa tuwing lumalabas sila ng sasakyan na naghahatid-sundo sa kanila tuwing umaga ay hindi pa rin naaalís na pagtinginan sila ng mga estudyante roon.

“Bakit ba lagi nila tayong pinagtitinginan? Hindi pa ba sila nagsasawa?” biglang naitanong ni Cassie sa kanya nang naglalakad sila papuntang classroom.

“Hayaan mo na. Ngayon lang nangyari na dito nag-aral ang isang tulad mo.” Sa sobrang ganda at puti nito, pansinin talaga ang kaibigan.

Kumibit ito ng balikat. “Nakakailang na kasi, eh.”

“Pasasaan ba’t magsasawa din ang mga ’yan. Naninibago lang sila ngayon pero katagalan ay masasanay din sila sa ’yo. Akina nga ’yang libro mo, nahihirapan ka yata, eh.” Akmang kukunin niya ang dala-dalang mga libro nito.

“Ano ka ba!” Inilayo ni Cassie ang gamit sa kanya. “Kaya ko na ’to. Nagpapaniwala ka naman sa tatay mo at kay Daddy. Kaya ko ang sarili ko, hindi mo na ’ko kailangang bantayan.”

Umingos si Alette. “Kaya daw. Eh, titig pa lang ng ibang estudyante nailang ka na, paano pa kaya kung lapitan ka ng mga lalaki, aber?”

“Hindi naman siguro aabot sa gan’un.” Nang yumuko ito ay mas lalong umamo ang dati nang maamo nitong mukha.

Nang hilingin ni Don Manuel na huwag niyang iiwan si Cassie at bantayan parati ay malugod siyang pumayag. Hindi lang dahil kaibigan niya ito kundi dahil kilala niya ang mga kaklase niya at maging ang ibang estudyante sa paaralang iyon. Halos lahat ng mga mag-aaral doon ay galing sa mahihirap na pamilya. At kapag nalaman ng mga ito na roon nag-aaral ang anak ng don, malamang sa hindi, marami ang makikipaglapit dito, babae man o lalaki. Walang masama kung makikipagkaibigan lang ang mga ito, ang masama ay kung may ibang intensyon ang mga ito kaya nakikipaglapit sa babae.

“Ay naku, Cassie! Ang mga lalaki dito, hindi katulad sa dating school mo. Ang kukulit! Feeling guwapo kahit hindi naman. Mayabang kahit wala naman ipagmamayabang.”

Nanunudyo ang ngiti nito. “Gaya ni River?”

Napasimangot siya. Si River ang isa sa mga kaklase

nilang lalaki. Mula grade one ay kaklase niya na ito kaya alam na alam niya ang kayabangang meron ito. Cute ito sa cute, aminado naman siya roon. Pero dahil sa ka-cute-an nito, kaya malakas ang hangin nito sa ulo. Feeling ng lalaki, lahat ng babae sa paaralan ay may crush dito. Libre itong nakakapag-aral sa school dahil magaling itong swimmer. Ilang medals na rin ang naiuwi nito sa paaralan nila dahil sa husay nito sa paglangoy.

“P’wede ba! Bakit ba tinutudyo mo sa ’kin ’yon? Hindi ko naman crush iyon, ah!”

“Ah, sus! Eh, bakit noong hindi pa tayo magkaklase, lagi mo siyang bukambibig sa bahay? Eh, di ba nga—”

Mabilis pa sa kidlat na tinakpan niya ang bibig ni Cassie. “Ano ka ba! Baka may makarinig sa ’yo, mag-isip pa ng kung ano.”

Tinanggal ng kaibigan ang kamay niya na tumatakip sa bibig nito. “Eh, bakit ba? I was just telling the truth!”

“Telling the truth ka d’yan. Kaya ko lang naman siya nababanggit dahil naiinis ako sa kayabangan, kakulitan at pagiging maingay niya.”

“Bukambibig pa rin iyon.”

“Hindi kaya.” patuloy na pagtangga ni Alette.

Parang gusto niya tuloy pagsisihan kung bakit naikuwento niya pa rito ang lalaki. Malay niya bang gugustuhin nitong mag-aral sa pinapasukan niya? Pero masaya siya dahil gusto nitong lagi silang magkasama, na-overwhelm siya dahil umabot sa puntong kayang lumipat ng babae ng school makasama lang siya.

Row two ang nakatokang cleaners nang hapong iyon. Kasama na roon sina Alette at Cassie. Kung noong mga unang araw ay pinipigilan pa ni Alette ang kaibigan na maglinis, ngayon ay hindi na. Pakiusap na rin iyon ni Cassie sa kanya. Kung kinakailangang utusan niya ito, gawin niya raw. Gusto nitong ituring itong hindi iba sa mga kaklase niya. Sa lugar na iyon, hindi siya anak ng driver ng pamilya nito at hindi ito anak ng amo ng tatay niya.

“Cassie, pakitapon naman ang mga basura sa labas, o. Ia-arrange na namin ang mga desks para makauwi na tayo nang maaga,” pakiusap niya rito. Lahat ay napatingin sa kanya dahil sa sinabi niya.

“Oo ba!” excited namang sagot ng kaibigan.

Naramdaman niya ang pagsiko ng kung sino sa kanya. Si Elise. “Bakit pinagtapon mo ng basura ’yun?”

Baka mamaya makarating kay Don Manuel, sisantehin pa tatay mo,” nag-aalang sabi nito.

“Okay lang ’yan. ’Yan nga ang gusto ni Cassie, ’yung hindi siya itinuturing na mayaman,” nakangiting sabi niya sa kaklase.

“Sigurado ka ba diyan?” nagdududang anito.

Bago pa siya makasagot ay narinig niya na ang pamilyar na boses ng lalaki sa labas ng classroom nila. “Hi, Miss Beautiful!”

“Hello, River. Akala ko nakauwi ka na,” narinig niyang sagot ni Cassie sa lalaki.

Bigla siyang nabahala. Nitong mga huling buwan ay napapansin niyang panay ang pa-cute ng lalaki sa kaibigan niya. Dikit ito nang dikit at nagpupumilipt maging joker kahit puro kakornihan lang naman ang alam. Inuulan din ito ng tukso ng mga lalaking kaklase. Suspetsa niya ay inuutusan nito ang mga iyon na tuksuhin ito kay Cassie. Dahil kung makangiti ito ay nadaig pa ang makeup ng clown sa sobrang lapad.

“Hindi pa. Hinihintay talaga kita,” sabi naman ng mayabang na lalaki.

Sa narinig ay bigla siyang nag-panic. Walang salitang pinasa ni Alette kay Elise ang hawak na walis

tambo at patakpong lumabas ng classroom. Nakita niya sina Cassie at River sa labas na magkaharap.

“Hoy, ungas!” sigaw niya para mapunta sa kanya ang atensyon ng mga ito. Nagtagumpay naman siya. Lumapit siya at pumagitna sa dalawa.

“Alam mo ikaw, para kang ewan. Masama bang makipag-usap sa lavidabs ko?” nagyayabang na dinuro pa siya ng lalaki.

Umigkas ang isang kilay ni Alette. “Magtigil ka nga, River. Isusumbong kita kay Ma’am. Ke bata-bata mo pa may lavidabs ka nang nalalaman.”

“Hindi naman siguro kataka-taka na magka-crush ako kay Cassie, di ba? Ang masama ay kung sa ’yo ako magka-crush! Kuwestiyonable na ’yun talaga.”

Napabungisngis si Cassie. Pasimple niyang tinampal ito sa likod. Dinuro niya ang lalaki. “As if naman ikakamatay ko kapag hindi mo ’ko ginusto! Ang kapal ng mukha mo!”

“Umalis ka na diyan p’wede? Nag-uusap kami ni Cassie, eh.” Pinandilatan siya ng lalaki.

“Maghanap ka ng ibang kausap! Hindi p’wede si Cassie.” Mas lalo niya pang itinago ang kaibigan sa likuran niya. “Ano ba!” singhal niya nang akmang

lalapit ang kaklase kay Cassie.

“Ano ba kasi’ng problema mo?”

“Problema ko? Ang kayabangan mo. Hindi lahat ng babae dito sa school ay nadadaan mo sa pa-cute. Ibahin mo si Cassie. Hindi ka makakalapit sa kanya kung hindi ka dadaan sa ’kin. At sa kasamaang palad, walang epek sa ’kin ang ka-cute-an mo.”

“Ano ka!” Gilalas ito. Kung makapag-react ito ay para bang sinabi niyang magugunaw na ang mundo. “Huwag na, uy!”

“Eh, di hindi ka makakalapit kay Cassie. Tapos,” aniyang tumalikod na. Pinatalikod niya na rin si Cassie.

“Cassie sandali...” Nakita ni Alette ang kamay nito na akmang hahawak sa kamay ng best friend niya. Mabilis na pinalis niya iyon.

“Ano ka ba!” Humarap siya sa lalaki. “Kapag hindi ka pa talaga tumigil, hahalikan na kita!” banta niya.

Hindi na siya nag-isip. Lumabas na lang iyon sa bibig niya. Ang akala niya ay nabingi lang siya sa sinabi niya, pero nang makita ang panlalaki ng mga mata ng lalaki, saka niya napagtanto na mali ang sinabi niya. In the first place, hindi niya alam kung

bakit iyon ang lumabas sa bibig nya. Pero wala na siyang magagawa. Nasabi niya na. Kaya kailangang panindigan niya na lang.

Inihakbang niya ang isang paa. Napaatras naman ang lalaki. “O, ano ha? Gusto mo?”

“N-nagbibiro ka lang. Alam kong hindi mo ’yan totohanin.” Mas lamang ang pangungumbinsi ni River sa sarili kaysa sa kasiguraduhang hindi niya nga gagawin iyon.

“Gusto mong malaman?” Pigil-pigil niya ang pagngiti. Naaaliw siya sa takot na nakikita sa mukha ng lalaki. Nang humakbang pa siya ng isa pa ay tuluyan nang nagtatakbo palayo sa kanila ang kaklase. Nagkatawanan silang dalawa ni Cassie.

“Natakot sa halik mo?” Hawak-hawak na ng kaibigan ang tiyan nito sa katatawa.

“Para halik lang, eh,” nakangiting sabi ni Alette. Pero hindi niya maintindihan ang sakit na naramdaman niya sa kaalamang tinakbuhan siya ng lalaki. Kahit pa hindi niya naman tototohanin ang paghalik dito.

“We’re finally here!” masayang anunsyo ni Cassie nang humimpil ang sasakyan nila sa harap ng gate

ng alma mater nila.

Natigil din ang pagbabalik-tanaw niya sa nakaraan. Mula noong takbuhan siya ni River, nagsimula na rin ang kahihyan ng elementary days niya. Sa araw-araw na ginawa ng Diyos, palagi na lang ipinaalala ng lalaki ang tangkang panghahalik niya *kuno* rito. Hindi lang sa kaklase nila kundi maging sa ibang estudyante na kilala nito. Lalunglalo na sa mga kapwa nito swimmer. Tuloy ay sila na ang palaging tinutukso ng lahat sa halip na ito at si Cassie.

Panay pa rin ang pakikipaglapit ni River sa kaibigan pero hindi na niya gaanong sinasaway. Hindi lang dahil natuto na ang best friend niya na pakibagayan ang mga lalaking nagkaka-crush dito, kundi pag-iwas na rin sa anumang panunukso ng mayabang na lalaki. Hindi miminsang inakusahan siya nitong nagseselos kaya raw galit na galit siya kapag lumalapit ito sa kaibigan niya. At hangga't may pagkakataon ay palagi nitong ipinagmamalaki sa lahat na may gusto siya rito. Bagay na iniirapan niya lang. Pero sa totoo lang ay nahihiya na rin si Alette. Lalo na kapag sumasabay ang ibang mga kaklase sa tuksuhan nila.

Naging sikat siya sa buong paaralan kahit hindi

niya naman gustong sumikat. At iyon ay kagagawan ng lalaki.

Mababaw man sa tingin ng iba, iyon ang isa sa mga rason kung bakit sa umpisa ay tinanggihan niya ang alok ng magazine. Pero heto si Alette ngayon sa harap ng alma mater nila at anumang oras ay maghaharap sila ng lalaki.

“Hoy!” Napaigtad siya nang sikuhin siya ni Cassie. Bumaling siya rito. “Okay ka lang?”

“Oo naman!” relaxed niyang sagot. Kabaligtaran iyon ng nangyayari sa puso niya ngayon.

Pero hindi yata kapani-paniwala ang mukha niya kaya tinapik ng best friend ang balikat niya. “Okay lang ’yan. Kapag tinukso ka ulit ng lahat, ipagsigawan mong wala siya sa kalingkingan ng crush mong si Brad Pitt.”

Pumiksi si Alette. “Tigilan mo nga akong bruhilda ka! Ikaw may kasalanan nito, eh.” Magkasalubong ang mga kilay niya.

Nananadya namang parang bruha sa pelikulang humalakhak ito. Hindi iyon ang natural nitong tawa. “Joke lang. Eto naman, masyadong affected. Tara na nga!”

Nang lumabas si Cassie ng sasakyan ay sumunod na rin siya. Kung siya ang tatanungin, wala siyang balak dumalo sa reunion na iyon. Natatakot siyang ungkatin pa ang tungkol sa kanila ni River kapag nalaman ng mga itong single pa siya and very available. But on the other hand, sabik din siyang makita ang mga kaklase nila noon.

Ginanap ang Grand Alumni Homecoming sa soccer field ng paaralan. Unti-unting nawawala ang kaba niya sa dibdib nang mapuno ng masasayang alaala ang isip niya.

“Cassie? Alette?”

Nang lingunin nila ang bumati sa kanila ay isang may katabaan na babae ang nakangiting lumapit sa kanila.

“Elise?” magkapanabay pang tanong nila ni Cassie. Hindi siya sigurado kung ito nga si Elise. Ang Elise kasi na kilala niya ay payat.

The women rolled her eyes. “Unfortunately, ako nga!”

Nagtilian silang tatlo.

“Oh, my God! Look at the two of you!” Namimilog ang mga mata ni Elise. “Well, ikaw, Cassie, dati ka na

namang mukhang diyosa pero, Alette...” tiningnan siya nito mula ulo hanggang paa, “total make over! Kung di mo lang kasama si Cassie, tiyak na hindi kita makikilala! Ano’ng sekreto mo? Alagang Belo ba?” biro nito.

“Loka!” natatawang saway niya. Pero sa totoo lang ay flattered na flattered siya. Kahit naman sino sa taga-San Antonio ang nakakakita sa kanya ay iyon ang napapansin. Aminado siyang pumuti siya hindi gaya noon. Siguro ay dahil babad siya lagi sa office.

Simple lang ang suot ni Alette. Isang long gown na halter neckline. Medyo kita ang cleavage niya at maging ang likod. Yari sa silk iyon at naglalaro sa black, white and gray ang kulay. Hinayaan niya lang din ang buhok niyang nakalugay. Si Cassie naman ay plain tube long gown ang suot at kulay apple green. Above the knee ang slit nito at kitang-kita ang magandang kurba ng katawan.

“Ikaw, kumusta ka na?” Si Cassie.

“Eto,” itinaas nito ang kaliwang kamay, “happily married with three kids! Eh kayo?”

Nagkatinginan silang dalawa ni Cassie.

“Uh-oh. Don’t tell me single pa rin kayo?” hindi makapaniwalang sabi nito. “Sa ganda n’yong ’yan?”

“Yun nga yata ang problema. Sa sobrang ganda, ang daming nai-intimidate. Walang magkamaling manligaw,” biro ni Alette.

Nagkatawanan sila. Kung sinu-sino pa ang nakita nilang nandoon sa homecoming. Halos hindi sila magkamayaw sa kuwentuhan at kamustahan. Nasa kalagitnaan na sila ng dinner nang sikuhin siya ni Elise. Napatigil siya sa pagkuha ng ulam at nagtatakang tumingin dito. Ininguso nito ang likuran niya. Sinundan niya iyon. Wearing dark blue long sleeves and black slacks was none other than River Domingo.

3

Nahigit ni Alette ang kanyang paghinga. Totoy na totoy pa ang mukha ng lalaki noon, pero ngayon ay lalaking-lalaki na. Moreno pa rin ito at sa tingin niya pa nga ay mas lalong umitim. Dala na rin siguro ng pagiging swimmer nito noon. Matikas ang tindig nito at halatang alaga ang katawan. Baka nag-gy-gym o di naman kaya ay patuloy pa rin sa pagsu-swimming. Oo nga't napapanood niya ito sa TV noon pero iba pa rin pala kapag sa personal ito nakita.

Hindi niya alam kung gaano na siya katagal nakatitig sa papalapit na lalaki. Natigil lang siya nang sikuhin siya, hindi ni Elise kundi ni Cassie. Nanunudyo ang ngiti nito.

“Crunchy ba?” patungkol nito sa lalaki.

“Gaga!” Siniko niya ang kaibigan. Siya ang madalas na gumagamit ng term na iyon sa mga *fafable* na lalaki sa tuwing tinutudyo niya ang kaibigan. Pero heto at siya na ang nakatikim ng pinauso niya.

“Ano? Lapitan mo na,” sulsol ni Cassie.

Pinanlakihan niya ito ng mga mata. “Ano ka? Di ba ang usapan, ikaw ang lalapit sa lalaki? Sa ating

dalawa, mas kayo ang magkaibigan.” Cassie rolled her eyes. “Sige na! Lapitan mo na,” pagtataboy niya sa kaibigan.

“Ano ba’ng pinag-uusapan n’yo?” tanong ni Elise nang makaalis si Cassie.

“Naku, wala iyon. Tungkol lang sa trabaho,” aniyang umalis na sa buffet table. Sumunod sa kanya si Elise.

“Trabaho? Na may kinalaman kay River?” nagdududang tanong nito.

“Huwag nang masyadong maraming tanong. Basta, tungkol nga sa trabaho,” nakangiting sabi ni Alette. Nabanggit na rin nila sa babae ang trabaho nila. “Buti naman at dumalo ang lalaking ’yan,” wala sa loob na sabi niya to no one in particular.

“Dapat lang ano, siya kaya ang class president natin! Ang pangit naman kung siya ’tong wala sa reunion.”

Kumibit siya ng balikat. *Sabagay.*

Ipinagpatuloy nila ang naudlot na kuwentuhan nila ni Elise nang dumating ang lalaki. Pero hindi mapakali si Alette. Parang sinisilaban ang puwet at leeg niya. Habang ngumunguya ng pagkain ay

panay ang tingin niya sa paligid. Hindi niya makita sa lugar nila ang dalawa. Wala siyang Cassie at River na nakikita.

“Umalis. Papuntang basketball court ’ata.”

“Huh?” Napatigil siya sa sagot ni Elise.

“Ang sabi ko, papunta yatang basketball court.”

Kumunot ang noo niya. “Sino?”

Natawa ito. “Sino pa ba? Eh, di sina River at Cassie. Sila naman ang dahilan kaya nanghahaba ’yang leeg mo, di ba?”

Umirap si Alette na ikinatawa na naman nito. “Hindi ah.”

Napailing ito. “You know, everybody in our class was expecting na kayong dalawa ni River ang magkakatuluyan.”

Para siyang nagka-stiff neck bigla. “B-bakit n’yo naman naisip ’yan?”

“Eh, di ba nga ‘*opposite poles attract*’ at ‘*hatred is closer to love*’? Akala ko nga after graduation, liligawan ka na ni River.”

Hindi lang leeg ni Alette ang nanigas ngayon. Maging ang mga kamay niya at paa. Gusto niyang sa

pagkain na lang ibuhos ang kakaibang nararamdaman, pero ni pag-angat ng kutsara ay hindi niya magawa. Ano ba ang nangyayari sa kanya at nagkakaganoon siya?

“Akala ko lang naman. Panay kasi ang panunukso niya sa 'yo. Ikaw naman madaling mapikon. Alam mo bang maraming kinikilig sa inyo noon? Maraming babaeng naiinggit sa 'yo.”

“Ngek!” Ngumiwi si Alette. “Nainggit pa sila, eh, puro kahihyan ang dinanas ko sa lalaking iyon! At bakit kami ang naiisip n'yong magkakatuluyan, eh, very vocal naman ang talipandas na 'yun na may gusto siya kay Cassie.”

“Ewan! Basta mas kinikilig kami sa inyong dalawa kesa sa kanila. Tingin namin mas bagay kayo. Saka, huwag mo nang itanong, ano. Basta sumusunod lang kami sa nararamdaman namin noon. Sa mas cute kayong tingnan, eh! Lalo na kapag para kayong aso't pusa na nagbabangayan,” natatawang sabi ni Elise.

Hindi niya alam na iyon pala ang tingin ng mga kaklase niya sa kanilang dalawa ng lalaki.

“O, ano 'to?” Nakakunot ang noo ni Alette nang lingunin ang kaibigan.

“Calling card,” sagot ni Cassie.

“Alam ko. Ibig kong sabihin, kanino ’to at aanhin ko ’to?”

“Kay River ’yan. Nagpalitan kami ng calling card. He owns a swim school for children pala sa may Pasay. Siya mismo ang nagtuturo sa mga bata.”

“So?” Binasa niya ang nakasulat sa calling card.

Tinampal nito ang braso niya. “So doon mo siya puntahan para alukin ng interview. Kailangan mapapayag mo siya at huwag na huwag mong aawayin para—”

“Tekang, teka nga muna!” pigil niya sa babae. Napakamot siya sa noo at nawaywang. “You mean hindi mo pa sinabi sa kanya kahit pahapyaw man lang ang pakay natin?” Nandidilat ang mga mata ni Alette.

Pa-cute itong ngumiti. “Hindi.”

“What!”

Ngumiwi si Cassie. “Hindi ako makatiyempo, eh. Ang ganda-ganda ng mood. Baka awayin ako pang nalamang gusto nating i-invade ang privacy niya.”

“Ano!” Halos dalawang oras itong nawala at

hindi niya mahagilap, pagkatapos babalik lang na tanging calling card ang dala? Hindi pa sinabi sa lalaki ang totoong pakay nila? Kung ganoon, ano ang pinag-usapan ng mga ito para tumagal nang halos dalawang oras?

“He is very protective of his private life. Tapos na raw siya roon at gusto niya nang mamuhay nang tahimik just like before.”

“Eh, di huwag na nating gawin ’to,” naiinis na ani Alette. Hindi niya alam kung saan siya naiinis. Sa hindi pagtulong sa kanya ng kaibigan na kumbinsihin ang lalaki o dahil walang nangyari sa dalawang oras nitong pagkikipag-usap.

“Ano ka ba! Naka-oo na tayo sa *Campus!* Saka isa pa, tinulungan na kita sa mga editors na ikaw na ang bigyan ng assignment na ’to. So prove to them na hindi ako nagkakamali sa ’yo.”

“Pero, Cas—”

“Binigyan na kita ng calling card kung saan mo siya pupuntahan. Ikaw na ang bahala diyan. Kaya mo ’yan. Ikaw pa, eh, maabilidad ka.” Kumindat ito sa kanya.

Napabuntong-hininga si Alette. *Ano pa nga ba’ng magagawa ko kundi ang dumiskarte?*

Wala sa loob na napasimangot siya. Natawa ang babae. Nang mag-angat siya ng mukha hindi niya inaasahan na masasalubong niya ng tingin ng walang iba kundi si River. Nakakunot ang noo nito at mataman siyang tinitigan na tila kinikilala.

Kaagad siyang tumalikod. Napahawak si Alette sa dibdib nang biglang naging abnormal ang tibok niyon.

“Thank you.” Matamis na ngumiti si Alette sa babaeng napagtanungan niya nang makapasok siya sa *R. Domingo Swim School*.

Ang sabi ni Cassie, ito ang paaralang ipinatayo ni River simula nang tumigil ito sa pagiging professional swimmer at olympic athlete. Sa tulong na rin ng mga sponsors nito dati, endorsements, modeling stints at naipong pera ay naipatayo iyon ng binata. Maliit lamang iyon kumpara sa mga swim schools na alam niya. Pero sa paglalakad niya sa paligid ay napansin niyang maraming estudyante ang naroon. Naglalaro sa edad sampu hanggang kinse. May iba pang binabantayan at kuntodo suporta sa pagkampay ng mga anak sa tubig. Siguro ay nakahatak dito ang pangalan ng lalaki na dating Olympic athlete na nagtuturo rin pala roon at hindi lang basta

pinapatakbo ang paaralan.

Ang sabi ng babaeng pinagtanungan niya, nasa pinakadulong pool daw ang lalaki. May klase pa raw ito pero siniguro ng babae na ilang minuto na lang at matatapos na iyon. Tamang-tama ang pagpunta niya.

Hindi siya nahirapang hanapin ang pinakadulong pool dahil nandoon ang lalaki. Nakapamaywang ito habang ipit-ipit sa bibig nito ang isang pito. Naka-board shorts lang ito at white sando. Nagdesisyon siyang saka na lalapit kapag natapos na ang lalaki. Isa pa, mag-iipon din muna siya ng lakas ng loob.

“Basta, kailangan magpaganda ka. Hindi ’yung OA na pagpapaganda kundi ’yung simple lang. The usual you, pero may konting effort ngayon. Huwag na huwag kang magsusungit at dapat lagi kang nakangiti. Be charming. Sa ilang taong nakatambak ’yan sa loob ng katawan mo, siguro naman ay p’wede mo nang ilabas ngayon?”

Iyon ang paulit-ulit na paalala sa kanya ni Cassie kanina sa opisina bago siya umalis. Sa totoo lang ay naririndi na si Alette pero hindi niya alam kung bakit sinunod niya pa rin ang payo nito. Hindi naman mahahalata ng lalaki na pinaghandaan niya iyon dahil naka-flats lang siya, maong jeans at simpleng yellow blouse.

Narinig niya ang pagpito ng binata. “Okay children, that’s it for today. I’ll see tomorrow,” pagdi-dismiss nito sa mga bata.

Inihanda ni Alette ang sarili. Nakipag-usap muna ito saglit sa mga batang lumapit dito bago naglakad palapit sa kanya. Akala niya pa naman ay lalapitan siya nito. Inihanda niya pa ang isang matamis na ngiti. Pinraktis niya pa iyon kanina sa harap ng salamin sa opisina. Nang sa tingin niya ay madadaig niya na ang asukal sa katamisan ay nakontento siya.

Pero walang epek iyon sa lalaki. Saglit lang siya nitong tinapunan ng tingin. Wala pa nga yatang dalawang segundo at pagkatapos ay nilagpasan na siya.

Ano ’yun? Suplado na ngayon? Kung hindi ba naman ubod ng yabang. Hindi naman siguro ito tanga para hindi mahalata na kanina pa siya nakatayo roon at hinihintay ito, ano?

Pilit niyang isinantabi ang nagsisimula na namang inis sa lalaki. Hindi na yata talaga iyon mawawala. Mula noon hanggang ngayon, asar pa rin siya rito.

Dagling sumunod si Alette. Mabibilis ang mga hakbang ni River kaya binilisan niya rin ang paglalakad para abutan ito.

“H-hi! Good afternoon. I’m Alette—” *Whoa!* Muntik niya nang isatinig ang pagkagulat nang bigla itong pumihit. Parang napapasong napaatras siya bigla. Muntik niya pang mabitawan ang dala-dalang folder dahil sa ginawa.

“You’re a member of the press, right?” panghuhuli nito.

“Ha?” Hindi pa man siya nakakabawi sa pagkabigla at inis ay nagtanong na agad ito.

Napatingin ito sa bandang dibdib niya. Sinundan niya naman iyon.

Shit! mura niya. Sa tinagal-tagal niya sa harap ng rearview mirror kanina para magpaganda ay hindi niya man lang napansin na suot-suot na pa rin niya ang kanyang minamahal na Press at company ID. Ang laki pa naman ng logo ng *Campus* magazine doon. Mas malaki pa yata kaysa sa one-by-one picture niya.

Napangiwing ngumiti ang dalaga. Wala nang saysay para magpa-cute at magpasakalye. Inunahan na siya ng ID.

“H-hi. I’m from *Campus* magazine. Balak sana naming kunin ka for our anniversary and summer issue. Interview lang naman para sa bagong—”

“No.”

Patapusin mo naman ako sa minemorize kong dialogue! “This won’t take long. Kukumustahin ka lang naman namin. Hin—”

“Hindi ka ba nakakaintindi ng English? Ang sabi ko *hindi*,” diin nito sa huling salita. “Ilang beses ko nang tinanggihan ang magazine n’yo. Hindi pa rin ba kayo sumusuko?”

Napapikit si Alette saglit at bumuntong-hininga. “Look, this really means a lot to me. Let’s say na first and last interview mo na ’to. Ibalato mo na lang sa *Campus* mag. Please? Maawa ka naman.” Pinagdaop niya pa ang dalawang palad para mas effective.

“I said no. Tahimik na ang buhay ko ngayon. Ayoko nang balikan pa ang kung anumang meron ako noon. Sikat nga ako pero magulo naman.” Tumalikod ulit si River.

Ano daw? Lumubo ata ang ulo niya sa huling sinabi nito. Sino’ng may sabing sikat ka?

Nagkataon lang na magaling itong swimmer, nakadalawang gold medals sa Olympics, may isang malaking billboard noon sa EDSA, kaunting endorsements and modeling gigs at guwapo kaya naging kilala sa showbiz world. Pero hindi naman

ito artista o kasing-sikat ni Piolo Pascual o Dingdong Dantes. Naging model ito saglit at na-feature sa iba't ibang shows sa TV, oo. Pero pagkatapos nitong matalo sa huling Olympics na sinalihan nito at magdesisyong tumigil ay wala na ulit silang narinig sa lalaki.

Ang kuhpal ha!

Kahit inis sa kayabangan ng lalaki at tila liliparin na siya sa kahanginan nito ay pinigil niya ang sarili. Siya ang may kailangan sa lalaki kaya dapat ay magpasensya siya.

“This is just a simple interview,” pangungulit ni Alette.

“But a simple interview will lead to another interview from another magazine. Kapag pumayag ako sa gusto n’yo, magbubukas iyon sa iba pa. They will think na pumapayag na ’kong guluhin ulit ang buhay ko ng mga press.”

Umigkas ang isang kilay niya. Kung nakikita lang siguro siya ng lalaki, baka mabawasan ng kaunti ang kayabangan nito. Kung makapagsalita ito ay para bang sinasabi nitong ito si *Hercules* at lahat ng babae ay nagkakandarapa rito.

“I’ll help you with Cassie, tulungan mo lang ako sa assignment ko,” biglang alok niya. That was her

last resort.

Napahinto agad ito at biglang humarap sa kanya. Sinabi na nga ba niya, basta Cassie ay magkakainteres ito.

“What did you just say?” Nakakunot-noo ang lalaki.

“I said, ilalakad kita kay Cassie, if you want. Just help me with this one.” She bit her lower lip.

4

“Cassie?” ulit ni River.

“Cassie,” parang tanga ring ulit niya. “Cassie Lopez. Siguro naman kilala mo siya, di ba?”

“You know her?” gilalas na anito.

She rolled her eyes. “Tingin ko. Kasi best friend ko siya mula pa pagkabata at katrabaho ko siya *Campus Magazine*,” pilosopong sagot ni Alette. Ano ba ang lalaking ito, bingi? Sinabi niya na nga ang buong pangalan niya, di ba? O talaga lang ang mga katulad niyang hindi kasing-ganda ni Cassie ay walang ‘K’ na tandaan at itago sa memory bank?

“Cassie’s with *Campus Magazine*?” Tila ayaw nitong maniwala.

Kiniling niya nang bahagya lang ang ulo at itinaas ang dalawang kilay bilang sagot. Wala siya sa mood ulitin ang sinabi niya. Kanina pa niya tinitimpi ang inis sa lalaking ito.

“W-w-wait, ano nga ulit ang pangalan mo?”

Nagbilang muna siya ng hanggang tatlo at bumuntong-hininga. “Alette Pineda.”

Sa una ay binigyan siya nito ng isang hindi makapaniwalang tingin. Pagkatapos ay pinasadahan siya ng tingin mula ulo hanggang paa. *Isang-isa na lang, papatulan na talaga kita!*

“So ikaw ’yung buntot ni Cassie noon?” Amused itong ngumiti.

“Excuse me, hindi ako ‘buntot’ ni Cassie, okay?” Umigkas ang isang kilay ni Alette. “It just so happened na magkaibigan na kami mula pagkabata at sa ’kin siya pinagkatiwala ng daddy niya. Ang sabi ilayo ko daw siya sa mga namamantala at hindi mapagkakatiwalaang tao,” ganti niya.

“Ouch! That hurts,” anito pero ang mukha naman ay tila kinikiliti ng mga demonyo.

“Gumaganti lang. Sino ba’ng nauna?” taray niya.

“To tell you honestly, you look different. Very different.” Hinagod pa siya ulit ni River ng tingin mula ulo hanggang paa.

“Yeah, I know. Mukha na ’kong tao ngayon at hindi kagaya noon na mukhang basahan.”

Kung dati ay mga lumang damit lang at pinagsawaan ni Cassie ang ginagamit niya, ngayon ay nakakabili na siya ng sarili niyang mga damit. Hindi

niya ka-close ang suklay noon dahil dalawang beses sa isang araw lang yata kung hawakan niya iyon at gamitin. Dati ay halata sa hitsura niya na mahirap sila. Idagdag pang palagi niyang katabi ang maputi at mukhang diyosa na kaibigan, kaya sino pa ang papansin sa kanya?

“Hindi ako nagsabi niyan.” Mas lumapad ang ngiti ng kaharap.

“Alam ko,” balewalang sabi niya. *Gagawin pa ’kong tanga! Hmph!*

“You don’t get it. Ang ibig ko lang sabihin, mas gumanda ka ngayon. You obviously learned how to take care of yourself and flaunt what you’ve got. Dati, mas simple ka pa sa salitang simple.”

Ah sus! Bolahin mong lelang mo! Inis niyang naisip. Pero bakit bahagyang lumukso ang puso niya sa compliment ng lalaki? *Affected ka, ’ne?*

“Hindi yata kita nakita sa reunion last week?” pagkuwan ay sabi ni River.

“And’un ako. Nagkatinginan pa nga tayo. Hindi ka lang ngumiti dahil mukhang high ka pa sa kuwentuhan ninyo ni Cassie at hindi mo na ’ko nakilala,” paalala niya.

Hitsura nito! Hindi daw nakita eh halos limang minuto silang nagtitigan!

Bahagya itong tumango-tango; tila naalala ang sinasabi niya. “Ikaw ’yung kausap ni Cassie. I’m sorry. I was thinking na guest ka ni Cass at hindi kita kaklase. Medyo malayo kayo at nasa dim light pa kaya hindi kita agad nakilala. I told you, you look very different now.”

Hmph! Maniniwala ba siya?

“Okay lang. I was also busy chatting with the others din naman. Hindi na ’ko lumapit sa ’yo kasi hindi naman tayo naging friends in the first place.”

Narinig ni Alette ang pagak nitong pagtawa pero hindi ito nagkomento. Nakapamulsang nagpatuloy ito sa paglalakad. Dali-dali siyang sumunod dito. Ilang minuto din niya itong hinayang manahimik. Hindi niya alam kung ano ang iniisip nito pero sigurado siyang nag-iisip ito. Base na rin sa pagkunot ng noo habang nakatingin sa semento.

“So pagbibigyan mo ba ’ko o hindi?” untag niya sa lalaki nang maupo ito sa isa sa mga nakahilerang upuan sa may shed.

“Ano nga ulit ’yung kondisyon mo?” Nag-angat ito ng mukha at sinalubong siya ng tingin.

She bit her lower lip. Iniwasan ni Alette ang mga mata ng lalaki. Mapapatay siyang tiyak ni Cassie kapag nalaman nito ang ginawa niya mapapayag lang ang lalaki. But then again, she saw how happy her friend was during the reunion. Lalo na nang makakuwentuhan ang binata. Kung noon ay wala itong gusto sa lalaki, siguro ngayon ay mayroon na. Kahit sino ay magkakagusto kay River. Hindi na rin dehado kahit paano ang kaibigan niya.

Kahit sino, 'ne? As in kahit sino? Meaning, kasama ka? tudyo ng isang parte ng isip niya.

Initsapuwersa niya ang atribidang isip at tiningnan ulit ang lalaki. Nahuli niya itong nakatingin sa kagat-kagat niyang labi. Sa isang kisapmata ay pinakawalan ni Alette ang labi at tumikhim. Para namang nagising ang lalaki sa ginawa niya.

“Sabi ko, kung gusto mong ilakad kita kay Cassie, gagawin ko, pumayag ka lang sa isang interview.”

Nagtitigan ulit sila. Parehong blangko ang ekspresyon sa mukha. Pigil niya ang paghinga sa sagot nito. Samantalang ito, hindi pa nakontento sa pagtitig sa mga mata niya, pati mga labi niya ay pinagdiskitahan nito. Para itong sira-ulong nagpapabalik-balik sa tingin doon.

Ano ba! anang isip niya. Pero wala iyong halong inis. Tinutubuan lang ng salitang ‘self-consciousness’ sa sistema niya dahil sa ginagawa ng lalaki.

Pagkuwan ay ngumiti ito. “Okay.”

“Ha?” Siya naman yata ang nabingi.

“Okay,” ulit nito. “Yes. Payag na ’ko.”

Napanganga si Alette. Pumayag agad ito? Ang dali naman yata! Dahil lang ba iyon sa ibinigay niyang kondisyon.

Sorry na, Cass. Hindi ka naman dehado kahit paano sa lalaking ’to. Suwerte ka pa nga kung tutuusin.

“Sigurado ka bang wala kang kinalaman sa mga tanong na ’to?” untag ni River kay Alette. Mula sa pagbabasa ng sets of questions ay bumaling ito sa kanya.

Nilunok niya muna ang kinakain. “Ako ang gumawa ng mga tanong na ’yan. But basically, binase ko lang sa gusto ng mga editors. Hindi ako magdadagdag ng mga tanong na hindi isasali sa mag.” Kumunot ang noo niya. “Bakit ba?”

Ngumiti ito. “Wala naman. Just curious. Akala ko

kasi ikaw mismo ang may gustong makaalam bakit hanggang ngayon ay single pa rin ako, kung anong tipo kong babae at plans of settling down.”

Tinaasan niya ito ng isang kilay. “Aanhin ko naman? Kung ikakayaman ko pa ’yan, malamang magkainteres pa ko.”

Ang pagpayag ni River sa deal nila ay nauwi sa isang merienda sa isang restaurant na malapit lang sa school nito. Hindi na siya nakatanggi dahil kailangan pa nilang pag-usapan kung kailan ito magpapa-interview at paano niya ito ilalakad sa best friend niya. Isa pa, nagugutom na rin siya. Kaya nang mag-alok ito ng merienda at in-assure siyang libre, hindi na tumanggi si Alette.

He chuckled. “So hindi ka interesadong malaman kung single pa ’ko?”

“Hindi nga! Ang kulit mo rin, ano? Bakit ba hindi ka na lang maniwala na may isang babae na hindi interesado sa ’yo?”

“Hindi naman sa hindi naniniwala—”

“Pero hindi mo lang matanggap, gan’un?” akusa niya.

Umiling si River. Pagkatapos ay ipinatong ang

magkabilang siko sa mesa at dumukwang. Nakangiti pa nang maluwang. “Eto, seryosong tanong, ni minsan ba noong magkaklase tayo, hindi ka man lang nagka-crush sa ’kin?” tanong ng lalaki na sinundan ng nakakalusaw na titig.

Napahawak si Alette sa dibdib. Tumalon na naman ang puso niya sa ginawa nito. Napapansin niyang nahihilig sumirko ang puso niya simula nang makita muli ang lalaki. *Diyos ko po, tulong!*

“O, ano na?” Lumawak ang ngiti nito dahil sa tagal niyang sumagot.

“Hindi!” May kasama pa iyong bahagyang paghampas sa mesa para mas magmukhang totoo.

“Ows?” Pinagmasdan siya ni River na para bang nababaliw na siya.

“Hoy!” angil niya. “Tigil-tigilan mo ’ko sa mga ganyang hirit mo! Nagsisimula ka na naman, *Ilog!*”

Napahalakhak ito. Iyon ang tawag niya sa lalaki kapag nagsisimula na siyang mapikon. “Alam mo, ikaw lang ang tumatawag sa ’kin nang ganyan. Nakaka-miss din pala ang pagiging pikon mo, ano?” Pati mga mata nito ay nakatawa.

“Naku, River, nananahimik na ’ko. ’Tapos na ’ko

sa mga petty quarrels na 'yan.” Pinagpatuloy ni Alette ang pagkain ng in-order niya.

Kahit hindi siya direktang nakatingin dito, alam niyang pinagmamasdan pa rin siya ng lalaki. Nagkunwari na lang siyang hindi iyon napapansin. Baka kapag pinansin niya pa ay lumala ang pag-iinis sa kanya.

“So, paano ko masisigurong ilalakad mo nga ako sa kaibigan mo?”

“May isang salita naman ako, 'no! Tingin mo sa 'kin! Basta tumupad ka lang sa usapan, ako na'ng bahala sa 'yo kay Cassie.”

Kumibit ito ng balikat. “Eh, paano nga?”

Umangat siya ng mukha at pinandilatan ito. “Ako na nga'ng bahala sabi!”

“I want a sample.”

“Sample ka diyan!” asik niya agad.

“Gusto ko lang malaman kung gaano ka talaga kalakas sa kanya. Baka mamaya nakapagpa-interview na 'ko sa 'yo, saka ko malalaman na hindi mo pala kaya.”

“Mula pagkabata ay magkaibigan na kami. Ang

liit naman ng tiwala mo sa 'kin para isipin mong hindi ako malakas sa kanya at tatanggihan ako?"

Kahit kailan talaga hindi marunong pumreno ang lalaking ito. Ni hindi man lang iniisip kung makakasakit ba o hindi.

"Gusto ko lang makasiguro. Hindi naman biro ang hinihingi mo sa 'kin. Kung tutuusin, dehado ako sa deal na 'to," reklamo ni River na nanamlay bigla—na halata namang fake dahil pigil-pigil ang pagngiti.

Mautot ka sana sa pagpipigil mo! Nalukot ang mukha ni Alette. "Babayaran ka naman namin. Magiging girlfriend mo pa si Cassie. 'Asan d'un ang dehado?"

"Magugulo naman ang buhay ko," patuloy pa rin nitong reklamo. Ngayon ay may kasama nang pagpapa-awa effect.

"Ano ba kasing sample ang gusto mo?" naiinis niyang tanong. Nakakainis dahil alam niya na ngang nagdadrama lang ang lalaki, bumigay naman siya. Worse, she found him cute with that expression on his face.

Kaya pagbibigyan niya na lang. Tatal ay si Alette naman talaga ang may kailangan dito. At para na rin matigil ang pagpapa-cute nito dahil sa kasamaang

palad, mukhang tumatalab na iyon sa kanya.

Bigla itong sumigla na para bang napalitan ng battery. Lumawak pa ang ngiti. “Dinner date with Cassie this Friday evening.”

Napaisip siya agad. *Not bad*. Pero hindi siya sigurado kung libre ba ang babae sa araw na iyon. “Sandali. Ite-text ko lang kung p’wede ba siya ngayong Friday.”

Dinukot ni Alette ang cellphone sa loob ng bag at mabilis na gumawa ng text message para sa kaibigan.

Are you free this Fri night? pag-text niya sa kaibigan.

Napatingin siya sa lalaki na masigla nang kumakain. Napasimangot siya. Naisahan siya nito. Hindi pa man nag-uumpisa ang interview nila ay naka-score na agad ito. Biglang tumunog ang cellphone niya.

“Ano daw sabi?” untag ng lalaki.

“P’wedeng basahin ko muna?” nandidilat na tanong niya rito.

Malapad lang itong ngumiti at ipinagpatuloy na ulit ang pagkain.

Binasa niya ang text ng kaibigan. *Yep. Why?* sagot nito.

La naman. Trip ko lang mag-girl bonding tayo. You like? she replied.

Wala pang sampung segundo ay sumagot na ito agad: *Luv it! :)*

“Okay daw. This Friday night,” anunsyo niya sa kaharap.

“Pumayag?” hindi makapaniwalang sabi ni River; nakanganga pa.

“Sabi na sa ’yo, eh.”

“Bakit, ano ba’ng sinabi mo at pumayag agad?” nagdududang tanong ng lalaki. Natameme siya. “Hindi mo sinabi ang totoo, ano?”

“Kapag nalaman n’un na sini-set up ko siya sa ’yo, tiyak magagalit ’yun. Ayaw na ayaw n’ung mina-matchmake. Kaya gumawa ako ng alibi. Huwag ka nang magreklamo. Ang mahalaga, tuloy ang dinner date ninyo ni Cassie ngayong Biyernes.”

Kumibit lang ito ng balikat, pagkatapos ay ipinagpatuloy na ang pagkain.